

	Valid Hanggang:	Disyembre 2026	Pahina 1 ng 5
	Huling Petsa ng Pagbabago:	Disyembre 2023	
Mga Departamentong Apektado: Lahat ng Departamento		Tauhan: Lahat ng Tauhan	
Pangalan ng Patakaran: Patakaran sa Paniningil ng Utang			

## **I. PAHAYAG NG PATAKARAN**

Ang layunin ng Patakaran ay sumunod at magbigay ng impormasyon kaugnay ng pagsingil at paniningil ng utang ng pasyente, alinsunod sa Kodigo ng Kalusugan at Kaligtasan ng California at sa Pederal na Batas sa Proteksyon ng Pasyente at Abot-kayang Pangangalaga. Para sa layunin ng pagtataguyod ng pinansyal na katatagan at pagpapanatili ng mga resource para sa pangangalaga sa mahihirap, titiyakin ng Lucile Packard Children's Hospital (LPCH) na ang mga utang ng mga Guarantor para sa mga medikal na serbisyong ibinigay ng LPCH ay sisingilin sa napapanahong paraan at bilang pagsunod sa batas.

## **II. MGA KAHULUGAN**

### **A. Extraordinary Collection Action (ECA)**

1. Paglalagay ng lien sa pag-aari ng isang indibidwal
2. Pagreremata ng lupa (real property)
3. Paglilipat o pagsamsam ng bank account o iba pang personal na pag-aari ng isang indibidwal
4. Pagsisimula ng sibil na pagkilos laban sa isang indibidwal o pagkuha ng writ of attachment
5. Pagdudulot ng pag-aresto sa isang indibidwal
6. Pagkakaltas sa sahod batay sa utos ng hukuman
7. Pag-uulat ng hindi magandang impormasyon sa isang consumer credit agency o credit bureau
8. Pag-aantala o hindi pagbibigay ng Medikal na Kinakailangang pangangalaga dahil sa hindi pagbabayad ng pagsingil para sa pangangalagang dating ibinigay sa ilalim ng Patakaran sa Pinansyal na Tulong at Pangkawanggawang Pangangalaga ng LPCH
9. Pangangailangan ng pagbabayad bago magbigay ng Medikal na Kinakailangang pangangalaga dahil sa mga hindi pa nababayarang pagsingil para sa nakaraang pangangalaga
10. Pagbebenta ng utang sa isang third party

### **B. Pinansyal na Tulong**

1. Tulong na ibinigay sa mga pasyenteng mahihirapang bayaran nang buo ang mga inaasahang gastusin na out-of-pocket para sa mga serbisyong medikal na kinakailangan (tinukoy sa Patakaran sa Pinansyal na Tulong at Pangkawanggawang

Pangangalaga) na ibinigay ng LPCH at nakakatugon sa mga pamantayan sa pagiging kwalipikado para sa naturang tulong, tulad ng itinakda ng Patakaran sa Pinansyal na Tulong at Pangkawanggawang Pangangalaga. Sa ilalim ng Patakarang ito, ang Pinansyal na Tulong ay Pangkawanggawang Pangangalaga o Diskwento sa Pinansyal na Kahirapan. Makukuha ang Patakaran sa Pinansyal na Tulong at Pangkawanggawang Pangangalaga ng LPCH sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Mga Pinansyal na Serbisyo para sa Pasyente.

### **III. PROSESO**

- A. Maniningil ang LPCH ng bayad para sa mga utang para sa mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugang ibinigay ng LPCH, alinsunod sa patakaran at mga pamamaraan ng LPCH tulad ng buod ng patakarang ito.
- B. Susunod ang LPCH sa mga nauugnay na pederal at pang-estadong batas at regulasyon sa pagtatalaga ng utang na hindi masingil.
- C. Ang lahat ng balanse sa account ng pasyente na nakakatugon sa mga sumusunod na pamantayan ay karapat-dapat na ipasa sa isang collection agency:
  1. Sinubukan ng LPCH na maningil ng bayad gamit ang mga makatwirang pagsisikap sa paniningil. Susubukan ng LPCH na magpadala ng apat (4) na pahayag ng Guarantor pagkalipas ng petsa ng pag-discharge mula sa outpatient o inpatient na pangangalaga, kung saan magkakaroon ng panghuling 10 araw na abiso sa pang-apat ng pahayag ng Guarantor, na nagsasaad na maaaring ipasa ang account sa isang collection agency. Ang lahat ng billing statement ay may abiso tungkol sa Patakaran sa Pinansyal na Tulong/Pangkawanggawang Pangangalaga ng LPCH.
  2. Ang mga account na may status na "Returned Mail" ay karapat-dapat para sa pagtatalaga ng mga paniningil kapag naidokumento at naisagawa na ang lahat ng magandang loob na pagsisikap.
  3. Kung ang isang pasyente ay kasalukuyang may iba pang account na nakabukas o hindi pa nareresolbang balanse ng utang na hindi masingil, nakalaan sa LPCH ang karapatang ipasa ang mga account sa ahensya ng pangongolekta nang mas maaga. Kung matutukoy ng LPCH na kwalipikado ang indibidwal para sa pinansyal na tulong, ire-refund nito kaagad ang anumang sobrang ibinayad na halaga.
- D. Bago simulan ang mga aktibidad sa paniningil laban sa isang pasyente, ang LPCH o anumang ahensya sa pagkolekta ay dapat magbigay sa pasyente o Guarantor ng sumusunod na nakasulat na paunawa:

Inaatasan ng batas ng estado at pederal ang mga maniningil ng utang na tratuhin ka nang patas at pagbawalan ang mga maniningil ng utang sa paggawa ng mga maling pahayag o pagbabanta ng karahasan, paggamit ng malaswa o bastos na pananalita, at paggawa ng mga hindi wastong

komunikasyon sa mga third party, kabilang ang iyong employer. Maliban sa mga hindi pangkaraniwang pangyayari, maaaring hindi makipag-ugnayan sa iyo ang mga nangongolekta ng utang bago sumapit ang 8:00 a.m. o pagkatapos ng 9:00 p.m. Sa pangkalahatan, ang isang maniningil ng utang ay hindi maaaring magbigay ng impormasyon tungkol sa iyong utang sa ibang tao, maliban sa iyong abogado o asawa. Maaaring makipag-ugnayan ang isang maniningil ng utang sa ibang tao para kumpirmahin ang iyong lokasyon o para ipatupad ang isang paghatol. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga aktibidad sa paniningil, maaari kang makipag-ugnayan sa Federal Trade Commission sa pamamagitan ng telepono sa 1-877-FTC-HELP (382-4357) o online sa [www.ftc.gov](http://www.ftc.gov). Maaaring available sa iyong lugar ang mga serbisyo sa pagpapayo sa utang na hindi negosyo.

- D. Gaya ng nakasaad sa Patakaran sa Pinansyal na Tulong/Pangkawangawang Pangangalaga ng LPCH, ang isang pasyenteng magiging kwalipikado para sa Diskwento sa Pinansyal na Kahirapan, ay maaaring makipag-areglo ng pinalawig na plano ng pagbabayad na walang interes para sa anumang bayarin na out-of-pocket ng pasyente. Isasaalang-alang ng plano ng pagbabayad ang kita ng pasyente, mahahalagang pang-araw-araw na gastusin, ari-arian, ang halagang inutang, at anumang naunang pagbabayad. Ang pinalawig na plano sa pagbabayad ay maaaring ideklarang hindi na gumagana pagkatapos ng kabiguan ng pasyente o Guarantor na gawin ang lahat ng magkakasunod na pagbabayad na dapat bayaran sa loob ng 90-araw na panahon simula sa unang araw na hindi nabayaran ng Pasyente. Bago ideklarang hindi na gumagana ang pinalawig na plano sa pagbabayad sa ospital, ang LPCH o isang ahensya ng pangongolekta ay dapat gumawa ng makatuwirang pagtatangka na makipag-ugnayan sa pasyente o Guarantor sa pamamagitan ng telepono at magbigay ng paunawa sa pamamagitan ng sulat nang hindi bababa sa animnapung (60) araw ng kalendaryo pagkatapos ng unang hindi nabayaran pagbabayad na ang pinalawig na plano sa pagbabayad ay maaaring hindi gumana, at ng pagkakataong muling pag-usapan ang pinalawig na plano sa pagbabayad. Bago ideklarang hindi gumagana ang pinalawig na plano sa pagbabayad sa ospital, dapat subukan ng LPCH o isang ahensya ng pangongolekta na muling pag-usapan ang mga tuntunin ng hindi ipinatupad na plano ng pinalawig na pagbabayad, kung hihilingin ng pasyente o Guarantor. Dapat bigyan ang pasyente ng hindi bababa sa tatlong (30) araw ng kalendaryo, simula sa petsa na ang nakasulat na abisong hindi nabayaran bayad ay ipinadala, para magbayad bago ideklarang hindi gumagana ang pinalawig na plano sa pagbabayad. Para sa mga layunin ng seksyong D na ito, ang paunawa at tawag sa telepono sa pasyente o Guarantor ay maaaring gawin sa kanilang huling alam na numero ng telepono at address. Kung idineklarang hindi gumagana ang isang plano sa pagbabayad, at kwalipikado ang pasyente para sa Pinansyal na Tulong, ang Ospital o Ahensiya ng Pagkolekta ay dapat limitahan ang halagang hinahanap nito mula sa pasyente sa halagang dapat bayaran ng pasyente pagkatapos ng anumang mga diskwento.
- E. Kung hindi sasang-ayon ang Guarantor sa balanse sa account, maaaring hilingin ng Guarantor na saliksikin at patunayan ang balanse sa account bago italaga ang account sa

isang collection agency.

- F. Ang mga account na nasa collection agency ay maaaring bawiin at ibalik sa LPCH sa sariling pagpapasya ng LPCH at/o alinsunod sa mga pang-estado o pederal na batas at regulasyon. Maaaring piliin ng LPCH na makipagtulungan sa Guarantor o sa isang third party kung kinakailangan upang maresolba ang mga account, o ipasa ang mga account sa ibang collection agency.
- G. Hindi nagsasagawa ang LPCH ng anumang extraordinary action (mga ECA) gaya ng tinukoy sa itaas.
- H. Ang dokumentasyon ng kita o mga ari-arian na nakuha mula sa isang pasyente o Guarantor sa panahon ng proseso ng pagtukoy sa kanilang pagiging kwalipikado para sa Pinansyal na Tulong ay hindi dapat gamitin para sa mga aktibidad sa pangongolekta; sa kondisyon, gayunpaman, na hindi nito ipinagbabawal ang paggamit ng impormasyong nakuha ng LPCH o alinman sa mga ahente nito o mga ahensya ng pangongolekta nang hiwalay sa proseso ng pagiging kwalipikado para sa Pinansyal na Tulong.
- I. Pagsunod
1. Ang lahat ng miyembro ng workforce kabilang ang mga empleyado, nakakontratang tauhan, mag-aaral, boluntaryo, medikal na tauhang may kredensyal, at indibidwal na kumakatawan o nagsasagawa ng mga gawain sa LPCH ay responsable sa pagtitiyak na sumusunod ang lahat ng indibidwal sa Patakarang ito;
  2. Ang mga paglabag sa Patakarang ito ay iuulat sa Manager ng Departamento at sa anupamang naaangkop na Departamento ayon sa tutukuyin ng Manager ng Departamento, o alinsunod sa patakaran ng ospital. Sisiyasatin ang mga paglabag upang matukoy ang uri, hangganan, at potensyal na panganib ng mga ito sa ospital. Ang mga miyembro ng workforce na lalabag sa Patakarang ito ay papatawan ng naaangkop na parusa na hanggang sa, at kabilang ang pagkakatanggal sa trabaho.

#### **IV. IMPORMASYON NG DOKUMENTO**

##### **A. Mga Sanggunian**

Sanggunian	Antas ng Ebidensya	Petsa ng Pagsusuri
Kodigo ng Kalusugan at Kaligtasan ng California 127400127462 kung naaangkop.	D	10/2019
Pederal na Batas sa Proteksyon ng Pasyente at Abot-kayang Pangangalaga, Seksyon 501(r) ng Internal Revenue Code at mga regulasyong ipinapatupad sa ilalim nito.	D	10/2019

##### **B. May-Akda/Orihinal na Petsa**

- Enero 2007, S. DiBoise, Chief Hospital Counsel at E. Leigh, Office of General Counsel
- C. Mga Kinakailangan sa Pamamahagi at Pagsasanay  
Ang patakarang ito ay nasa Manual sa Pangangalaga ng Pasyente ng Lucile Packard Children's Hospital Stanford.
- D. Mga Kinakailangan sa Pagsusuri at Pag-renew  
Susuriin at/o babaguhin ang patakarang ito kada tatlong taon, o kung kinakailangan ayon sa pagbabago ng batas o kasanayan.
- E. Kasaysayan ng Pagsusuri at Pagbabago  
Pebrero 2011, S. Shah, Clinical Accreditation Mgr  
Abril 2014 M. Montes, Patient Advocacy Mgr  
Disyembre 2014, Andrea M. Fish, Office of General Counsel  
Marso 2015, Andrea M. Fish, Office of General Counsel  
Oktubre 2019, Andrea M. Fish, Office of General Counsel  
L. Moffett, Disyembre 2023
- F. Mga Pag-apruba  
LPCH VP Ops, 4/07, 2/11  
PFS Rev Cycle Dir/PFS VP Ops, 4/14  
LPCH Finance Committee, 4/15, 11/19  
LPCH Board of Directors, 9/21  
Board of Directors, 12/2023

Ang dokumentong ito ay ginawa para gamitin ng mga tauhan ng Lucile Packard Children's Hospital Stanford.  
Walang representasyon o garantiya na ginagawa para gamitin sa labas ng institusyon.  
Hindi ito maaaring gawan ng kopya o ilathala sa labas ng institusyon nang walang pahintulot.